# Road safety, isasama sa kurikulum sa mga paaralan sa QC

Ni ANGIE DELA CRUZ

Magkakaroon na ng higit na kaalaman ang mga mag-aaral sa Quezon City hinggil sa tamang paraan ng paggamit ng lansangan,

Ito ay makaraang lumagda sa isang memorandum of agreement ang Land Transportation Office- NCR East, Division of City Schools –QC at QC government para isama sa curriculum sa K-12 ang tungkol sa road safety at road courtesy sa mga kabataang mag-aaral.

Kahapon, personal na naibigay na ng LTO sa pamamagitan ni DOTR Mark Richmund de Leon, LTO Chief Edgardo Galvante, LTO NCR East director Benjamin Santiago kay Director Wilfredo Cabral-Regional Director-Deped NCR, Natividad Bayubay-Asst Schools Division Supt, Office of the Schools Division Supt., Schools Division sa QC ang Learner's material na gagamitin sa pagtuturo sa mga mag-aaral tungkol sa road safety at road courtesy.

Sa paglulunsad ng Integration of Road Safety in the Basic Education Curriculum, hiningi naman ni Galvante sa QC government ang tulong upang mapunan ang dagdag na kailangang resources para sa tagumpay ng proyekto.

Sinabi naman ni Undersecretary de Leon na ito na ang isang panimula para mawakasan ang pagdami ng aksidente sa lansangan na ang ugat ay ang kawalang kaalaman ng mamamayan sa road safety.

Anya, kada isang taon, may 12,000 namamatay dahil sa road crashes o 33 katao na namamatay sa isang araw sa lansangan.

Naging representativo naman ni QC Mayor Joy Belmonte sa okasyon si QC Vice mayor Gian Sotto. Pinasalamatan nito ang LTO NCR at DepEd dahil may ganito silang adbokasiya upang maiwasan ang mga aksidente sa lansangan.